زمرد

IV,1,1978

MGA TULA
NG PULANG MANDIRIGMA

Magsasaka: Ang Bayaning Di-kilala

Sa gitna ng lunting bukid, makikitang gumagaygay,
Naitasumbrerong balanggot, datna't pananwan ng araw,
Sa pagganap sa gawai'y susugod siyang walang humpay--
Dili iba't magsasakang tunay na kahambal-hambal.

Araro ang gintong plumang sa lupa'y isinusulat,
Bawat salitang matitik sa pinitak ang sambulat;
Bawat butil nitong pawis na sa kanya nagbubuhat
Ay kabuhayan ng bayang sa kamay rin nag-uugat.

Martir nitong pagbabata, kapurit ma'y walang sawa--
Kahit batbat ang katawan sa halas at alipunga,
Di pa rin masasagkaan sa matapat niyang panata--
Lumikha ng kabuhayan nang may makain ang madla.

Yaong kanyang katauha'y huwaran ng kasipagan,
Siya ay si Juan de la Cruz sa tunay na kahulugan;
Di pa man bukang-liwayway, hindi na siya magigisnan,
Naroon na sa gawain hanggang hapon ay dumatal.

Damak ang turing sa kanya, pagkatao ay mababa,
Busabos na'y alipin pa sapagkat siya'y maralita;
Ngunit kung alam lang nila'ng halaga ng magsasaka--
Kung hindi siya magsipanal, buong mundo'y magsilukso.

Pinagkaitan ng saya, ligaya at kabihasnan,
Sa karangyaan siya'y hubad, ulila sa kaluwagan;
Ugunit sa kanyang tungkulin sa baya'y di siya nagkukulang,
Araw-paraay, walang kupas lumikha ng kabuhayan.

Hinahatdan ng pagkain, di niya ibig maabala,
D'on sa sulok ng pilapil, sa ibabaw ng kariton
Doon lang ang kanyang ulan, langit ay di siya alala--
Nalunos-lunos ang pobre sa palad na sinapit niyu.

Pinuhunanan ng dugo, pag arihan ay sumapit,
Sumulputan ng patubo, talinduwa, pandaragit,
Ang asenderong maniba'y mananakim, mangangabig--
Sa dakong huli'y utang lang ang parti niyang makakamit.

Pagkatapos ay uuwi ang pobre sa kanyang bahay,
Ang maghihintay niyang anak di maibili ng tinapay,
Katanungin ng asawa: "Asawa ko, ba't napanglaw?"
Anya: "Walang angking swerte, ang parti ko'y bayad-utang."

Dibdib ng asawa't anak ibig-ibig nang mawasak,
Di nila mamamalayang luha niya'y agad papatak.
Sino kaya, aking bayan, ang dito'y di maiiyak?
Nagpapagal ang siyang wala, limatik ang tumitipak.

O kawawang magsasaka, kaysaklap ng kapalaran,
Kung hindi sa 'yo, gobyerno ay hindi maipupundar;
Hindi talos ng makwartang pag-aaring kinakamal,
Dangal at kapangyariha'y sa pawis mo bumubukal.

Ngalan mo'y ikinukubli, di ibig ipakilala--
Kapangyarihan mong taglay at papel mo sa historya;
Ayaw ka nilang mamulat, hindi gustong matuto ka
Upang sa habang panahon ay aliping linlang nila.

Anong laking sakripisyo ang sa 'yo'y pinapapasan,
Pagsunod, kulunga't bugbog ng pasista'y naranasan;
Silang itim ang kalul'wang laban sa kapayapaan,
Sila ang mga Lusiper nitong lupang tinubuan.

Dahil dito, makibaka sa taksil na kaypalalo,
Dahil dito, ang magandang kabuhayan ay itayo;
Kaya, bayan, ukitin mo nitong balang kumukulo
Ang ngalan ng magsasaka, ang bayaning hindi tanto.

Mag-alsa Ka, Bayan

Bayan, tena't sumama ka sa gitna ng kaparangan,
Nang makita mo ang lahat ng mga ari-arian;
Kung di mo makitang lahat ay baka mag-alinlangan
At di ka makatugon sa iyong pangangailangan.

Tila ikaw ay tahimik, ano nga ba ang naisin?
Ano't di ka pa mag-alsa, mayro'n pa bang hihintayin
Gayong sadyang ito lamang ang lunas sa suliranin --
Sa inaalipin nila ay bibigkis sa damdamin?

Hindi mo ba nakikitang anak mo ay nag-aalsa?
Walang-walang alinlangan, buhay nila'y 'tinataya
Upang sa pagkakagipit ay lubos kang makalaya --
Sa makipot na kulunga'y laon ka nang nagbabata.

Kaya ngayon ay magsuri, nakararaming maliit
Nang makita kung lipunan ay sa atin pumapanig;
Habang ika'y nabubuhay ay nakatali ang leeg
Kung hindi ka mag-aalsa't kaisipa'y laging pikit.

Ikaw ay bayani, hindi mo ba talos?
Tulad mo ay balong walang pagkaubos,
Mula sa malalim na di matutuyot
Ang imbing lulusong, tiyak na malulunod!

Anak mong NPA, sila ngayo'y tingnan,
Sa labana'y walang takot kahit sila'y matimbuwang
Pagkat mababago'ng orden sa ganito lang paraan --
Sa bunganga nitong baril ang paraang kailangan.

Isagawa nati'y pagbibigkis-bigkis
Nang tayo'y mahango sa mga pasakit;
Mga kamay natin ang siya nating gamit
Nang kadenang bakal ay ating mapatid.

Ang kalaban natin ay tigreng talaga
Tao'y kinakain at pumapatay pa;
Nang baya'y lumaging sinasamantala
Ay batas militar ang panakot nila.

Isipan ng imbi ay ganyan ang takbo,
Laging nambubugbog sa maraming tao
At walang halaga anumang matwid mo
Pagkat kanila lang, kanila'ng gobyerno.

Kung ganito, bayan, ang masasaksihan,
Sa iyong problema'y walang kalutasan,
Pinakamagandang isakatupara'y
Puspusang harapi't gobyerno'y labanan.

Wala nang paraan para lumaya ka
Sa pagkakakulong, bayang sinisinta;
Kung di mo aalsin iyang sumasagka,
Sa pagkakapiit ay di ka lalaya.

Kailanga'y baril, siyang tanging paraan
Sapagkat armado ang mga kalaban,
Sa pakikiusap di tayo pakinggan --
Hanggang sa masawi, tayo ay lalaban!

Tinatawag Kita, Kaibigan

Tara, 'igan, tuturuan kitang humawak ng baril
Nang sa gayo'y matuto kang lumaban sa mapanupil,
Upang aping kalagayan sa nilikhang mapaniil
Mabigyan mo ng ginhawa't mahango sa pagkasikil.

Patigasin ang kamao't ang ulo mo ay itaas
Imulat ang iyong mata at matutong makitalad;
Lakas-loob ang ipalit sa takot mong nakalipas
Nang madali mong matamo itong iyong hinahangad.

Bakit tahimik ka, 'igan, ano pa ang alinlangan?
Iniisip mo'y kaylalim, parang may ayaw kang iwan.
Ang kanin ba na sandakot para sa 'yo'y kahustuhan
Gayong doon sa palasyo'y may bundat na mga tiyan?

Hindi ganyan ang mabuhay sa ibabaw nitong mundo,
Laging nagpapaumanhin at yuko ang iyong ulo;
Ikaw sana ay mamulat at pag-agos ng dugo mo,
Mamuhay nang masagana at ang laya mo'y matamo.

Kaya, bayan, kumilos ka, ano pa ang hinihintay?
Magkaisa at magbuklod sa iisang tutunguhan
Pagkat sadyang ito lamang ang ating maaasahan--
Tanikala'y mapapatid pag damdamin ay naghinang.

Masdan mo ang iyong anak at dugo ang binabanig
At sa parang, walang takot na humarap sa panganib,
Upang bukas, kalayaang hanap nila ay mamasid
Nitong bayang inaapi't kaytagal nang nagtitiis.

Mabuhay ang Hukbong Bayan, martir ng lupaing hirang,
Ang tagumpay nating masa ay sa bala iduduyan;
Sakim na kapitalista't asendero'y ibubuwal
Nang suliranin ng masa'y malutas at mawakasan.

•

ANG MGA TULA
SA ORIHINAL NA KAPAMPANGAN

Ortelano: Ing Bayaning Era Balu

Busal na ning berdeng marangle, akakit meng pilo-pilo,
Makacupia yang balangut, lakuan dasan ne ning aldo,
Susugod yang alang atna kitang obra na gagalo,
Ya na kabud e aliwa, ing kalulung ortelano.

Itang ginintuan nang pluma, king gabun na ipaniulat,
Balang mesabing sepulu, king pitakan mesambulat,
Balang kabinutil nang pawas king kanuan na menibat,
Kabiayan ding memalon pepalto na ning kayang gamat.

Martir ne ning pamibabata kapurit man e sasawa,
Agyang lupas ne katawan king alas at alipunga,
Dapot iti e pa sangkan, king matapat nang panata,
Makapalto kabiayan ban kanan deng pawan malda.

Itang kayang pamimalan, batayan ne ning sipagan,
Ya i Juan de la Cruz king banal nang katapatan,
Daning-aldo pang malalam, era ne agisingan,
Atin na king obra manaplit king sarulan.

Mamak ya pang lalawenda, at mababa pangatao,
Busabos ya at alipin, uling metong yang kalulu,
Dapot nong balu ra sana, ulaga ning ortelano,
Nung emo ing pepagalan na, magpaldas ya ing metong a yatu.

Debugan ne ning masaya, ing ligaya at kabiasnan,
Medyo lubas ya king arte ulila king kanuanan,
Dapot king katungkulan na king balen e magkulang,
Ing pane alang kupas pamipalto kabiayan.

Atinan deng pamangan ene bisang mangabala,
Metang suluk ning pilapil babo ning kayang garusa,
Asin mu ing ulam na, lingus-lingus ne ning banua,
Makalunus ya ing pobre king masugid a calma na.

Potang miras na ing pamamapul king pamamunan nang daya,
Buntu ne ken ing pirayit, patubuan at talindua,
Sekiman da't kebiran deng asenderong masiba,
Bandan talwi utang la mung dake ning maluka.

Kalbat muli ne bale makalunus ya ing potre,
Reng anak nang manenaya enu man asaling tinape,
Kitnan ne ning asawa na, "Bakit malungkot ka aske?"
Ana: "Bandi alang swerte, utang lamung kakung dake."

Reng anak na at asawa ing salu na maibog maspak,
Era balu ing lua na kabud na mu mipapatak,
Ing ninu pia kaya balen ing kaniti emipakyak,
Ing mepagal yang ala sekiman da reng limatak.

Kasalpak mo kapalaran, o kalulung ortelano,
Kapilan nung e ika alang mitalakad a gobierno,
Era balu ding makualta king pebandian la magtampiso,
Ing dangal da't upaya ing pawas mu ing pepalto.

Ing laguio mu kokobli ra era ka buring pakilala,
Ing dagul da upaya katungkulan king istorya,
Era ka buring memulat at era ka buring mabiasa,
Ing buri ra kabang-kaba alipin kang piyalungan da.

Maragul a sakripisyo ing keku na pepapusan,
Silab sukul pati bugbug king pasista ra pepamisan,
Detang matuling a kaladua kalaban ring kapayapan,
Detang taung alang tarus Lucifer lang indong tibuan.

Makanian tang makipagkal karing taksil a palalu,
Makanian tang paminua ing kabiayan a malagu,
Inia balen idukit mula karing balas a mekakaluko,
Ing laguio ning ortelano, bayaning era balu.

•

Ausan Daka, Kaluguran

Kaluguran mekakeni turuan da kang talang baril,
Ban kanita tin kang laban karing taung mapanyupil,
Ban kanita ing bili mong bisabus ding taung sutil,
Adinan mong kasaplalan mayango ka king pagbitkil.

Ipasyas mong kamao mo iyatna meng kekang buntuk,
Imulat mong kekang mata mabiasa kang makipamuk,
ing takot mo king malabas alilan mong sikanan lub,
Ban ing kekang kailangan malalaguang mipagkalub.

Bakit abe tamilmil ka, nanung kekang alinglangan,
Ing isipan mong mabayat ting ka waring e yalakwan,
Banagyu na wari keka ing kasakmal a pamangan,
Pamantalang king palasyo magbutaktak la ding aryan.

I makanyan ing mabibie keti babo ning masala,
- matulid ing kabud na makarukut manupaya,
Ania sana mipakda ka, gisingan mong kekang daya,
Agulisak mo king yatu makasadia kang mamingwa.

Ania balen kimut na ka, nanung kekang panenayan,
Misan metong tang mibuklud keting metong aparasan,
Uling iti yamu kabud ing maliari tang asahan,
A mamatlud tanikala misan metong a panamdam.

Ding anak mo lawan mula, dadasayan dang dayara,
Libutad ning kaparangan alang takot mamarap la,
Ban king aldo na ning bukas akit da sang milaya ka,
Indung balen a meyapi malambat nang mibabata.

Biba Bayong Hukbong Balen, biba indung Pilipinas,
Ing tagumpe da ring masa pagtumayla da ring balas,
Ibagsak lang asindero kapitalistang marawak,
Ing problema ra ding masa miyangganan at malutas.

•

Mag-alsa Ka Balen

Balen ku tara tuki ka libutad ning kaparangan,
Ban kanita akit mongan iting dakal a pibandian,
Uling nung emongan akit bakating kang alinglangan,
Ban kanita ing bili mu akit mung pangangailangan.

Nano wari ing buri mu obat ika tahimik ka,
Nanung kekang panenayan obat ali ka mag-alsa,
Uling iti yamu kabud ing paglutas king problema,
Megan metong ta panamdam itang anggang alipan da.

Emo pa wari akakit ding anak yu mag-alsa la,
King alang kapikakunwan ing bie ra itatayara,
Ban kanita king kaskupan lubusan pin milaya ka,
King lukungan a makipot malambat mong pibabata.

Oyan ngeni magsuri ka itang dakal a kalulu,
Ing lipunan bameng akit nung pabor ya kekatamu,
Nung ing bie mu kabang-kaba tatalire ing batal mo,
Iti nung eka mag-alsa mangmang lang kaisipan mo.

Emowari balu ika ing bayani,
Mengaring talagang ebiasang lalangi,
Sibul kang malalam ayalang pangati,
Nino mang mangangas malumod ya iti.

Anak mong NPA waren ngeni lawan yula,
Alang takot king labanan king bistat mengatimbuang la,
Uling iti yamu kabud pamibayu king sistema,
Karing bunganga ring baril kailangan paralan ya.

Pamikaul-kaul yang kekatang gawan,
Para midayu ka kanyang kasakitan,
Ding kekatang gamat ila ding gamitan,
Balang mangapatad ding kadenang bakal.

Ding kalaban tamo talagang tigre la,
Mamangan lang tao at makamate pa,
Bayang manatiling pamagsamantala,
Ing batas militar yang pamankot na.

Oyan ding isip da dating alang lunos,
Karing taung dakal parating mamugbug,
Ing katuliran mo parati yang lalbug,
Uling ing gobyerno kaya yamu kabud.

Nung makanyan balen iting akakit mu,
Ing kekang problema alang pamagbayo,
Ing peka masanting a ing gawan tamu,
Arapan puspusan laban king gobyerno.

Alu nang paralan para milaya ka,
King pangakulung mu indong Pilipinas,
Nung emo idayo ding sasagka keka,
Kerinan tung maskup ali ka milaya.

Baril ing kailangan karin ta paralan,
Uling armado ya iti nang kalaban,
Pakianbing mayap ali na tulutan,
Anggo king mateya pilmi yang lumaban.

Alay sa Alaala
ni Kasamang Freddie

(Wilfredo Gacosta,
Pulang mandirigma, makata)

Sa pagyao mo, Kasama,
Ngingisi
At hahalakhak
Ang taksil na pangkating
Gapud-Sanchez-Espinas-Bautista-Labitag
Sa saliw ng pagbubunyi
Ng mga tropa
Ng pasistang diktadura.
Sa iyong libing,
Dadalo
Ang mga taksil
At luluha
Ng mga luhang
Buwaya!
Hayaan mo na sila, Kasama;
Huwag ka nang iigtad
Sa iyong pagkakahimlay.
Hayaan mo na kaming
Maghiganti
Kasama ng libong api.
Ang apoy mula sa siklab
Na ating pinasimulan
Ay mabilis na lumalagablab,
Mabilis na tumutupok
Sa mga kaaway sa uri,
At ang taksil na pangkatin
Ay unang babagsak,
Unang madudurog,
Unang magpapagibik
Sa gitna ng apoy
Sa kaparangang
Ating pinasimulan!

Wala na ang katawan mo,
Kasama, kaibigan,
Kapatid sa pakikibaka,
Nilamon na ito
Ng kamatayan.
Subalit
Sa iyong pagkamatay
Ay sumama ka na
Sa hanay ng libu-libong
Hindi namamatay.
Ang alaala mo,
Kasamang Freddie,
Ay patuloy naming makakasama
Sa makikitid, matitinik
At liku-likong landas ng pakikibaka.
At kung kami man
Ay mawala na
At tayo'y muling magkasama
Sa daigdig ng mga alaala,
Huwag kang mag-alala, Kasama,
At patuloy tayong bubuhayin
Ng daan-libong mandirigma.

Isang Tula ni Kasamang Wilfredo Gacosta

Ang mga Kaibigan

Kilala ko ang aking mga kaibigan--

Sila yaong iniluluwal
Sa mga nipang dampa sa kanayunan,
Sa ilalim ng tagpi-tagping bubong
Ng mga iskwater sa kalunsuran,
O sa butas-butas na kutson
Sa mumurahing ospital.
Sila yaong pakyawan kung binyagan
Sa minamadaling oremus ng kurang
Nagtitipid ng laway
Para sa isusunod na binyagang espesyal.
Sila yaong makaraan ang halalan
Ay muling pasasambahin
Sa mga panginoong napapaligiran
Ng mga bakod na baril
Hanggang sa kubeta.
Sila yaong nakabaon sa kumunoy
Ng pagkakautang
At nagmamasid na lamang sa sariling
Likhang yaman sa mga palengke
At mga kristal na durungawan
Ng mga tanyag na basar.
Sila yaong sa mga dula
Sa tanghalan ng mayayaman
Ay mga di-pansinin
O kontrabidang papel ang ginagampanan.
Sila yaong kung may angking talino
At kadalubhasaan
Ay inaaring upahang utak at bisig
Ng malalaking mangangalakal.
Sila yaong nagsasariling namumuhay
Sa mayayamang kabundukan,
Na ang anyong nililok
Ng makalumang kultura
Ay ginagawang tampulan
Ng pangungutya ng mga "sibilisado"
Sa ngalan ng kristiyanismo't
Makabagong pag-unlad,
Na ang yama't binungkal na lupain
Ay kinakamkam.

Kilala ko ang aking mga kaibigan--

Sila yaong ang kasaysayan
Ay nakatala sa mga dugua't putikang pahina
Ng mga aklat ng mga kadre
Na bumulagta sa kabundukan
Ng Luson, Bisaya't Mindanaw.
Sila yaong ang kapakanan
Ay nasa diwa ng bawat api
Na unti-unting humahanay
Sa kaliwang dulo ng larangan.
Sila yaong ang tadhana'y akin din...
Ang mamuhay sa isang bansang malaya
O mamatay nang nakikibaka!

SA KANAYUNAN

ANG BATANG NPA

MGA HAPON!

Mula sa bintana ng silid-aralan, nakita ni Boy ang mga Hapong dumarating, patungo sa kanilang baryo. Nanganganib ang mga kasama!

Hindi na niya nakuhang magpaalam sa kanyang guro sa Grade II na noo'y abala sa pagsusulat sa pisara. Inihabilin niya sa kanyang katabi ang kanyang mga libro, notbuk at iba pang gamit. Tumakbo siyang palabas ng silid-aralan, ng kampus, ng tarangkahan ng paaralan. Pagbalik na niya siya hihingi ng paumanhin sa kanyang guro.

Sa daan, napahinto siya. Iwasa harap niya ang mga Hapon. Nakangisi sila. Tinapik ang kanyang ulo ng isa sa kanila at sila'y nagtawanan. "Bata pa iyan para maging NPA!" ang tudyo ng isa namang Hapon.

Bumanat uli siya ng takbo. Umalimbukay ang alikabok sa kanyang paanan, nag-init ang kanyang ulo sa init ng araw at dumikit sa kanyang pawisang katawan ang kanyang kamiseta. Humihingal siya nang dumating sa kanilang kubo.

"O, bakit maaga pa'y umuwi ka na?" tanong ng kanyang ina na noo'y naglalaba sa harap ng kubo.

Sumulyap si Boy sa may bintana. May mga Pulang mandirigmang nagpupulong sa loob ng kanilang bahay.

Kagabi sila dumating, at siya'y nagising nang ang isa sa kanila ay nahiga sa tabi niya. Inilagay nito sa may gawing uluan ang riple nito at pak. Kinaumagahan, tinulungan niya ang kanyang ina sa paghahanda ng almusal para sa mga kasama, samantalang ang kanyang ama naman ay nagtungo sa may likuran ng bahay upang gumamas sa palayang kanyang binubuwisan. Habang nag-aalmusal sila, sinabi ng isang Pulang mandirigma: "Paglaki mo, NPA ka rin." "Bakit," ang kanyang tanong, "wala bang batang NPA?" Ang mga Pulang mandirigma, pati na ang kanyang ina, ay natawa sa kanyang tanong.

Lumapit siya sa kanyang ina. "May mga Hapon, pagawi rito," ang bulong niya.

Tumilamsik ang mga bula ng sabon nang mariing pilipitin ng kanyang ina ang pantalong nilalabhan. Tumindig siya habang paimpit na minumura ang mga Hapon. Pumasok siya sa kabahayan at ipinagbigay-alam sa mga kasama ang pagdating ng mga Hapon sa kanilang baryo. Ano ang dapat gawin ng mga Pulang mandirigma? Pupunta muna sila sa bukid at doo'y sasamahan ang ama ni Boy sa paggamas. Tumulong si Boy at ang kanyang ina sa pagliligpit ng mga baril, pak at papeles.

Sinamahan ni Boy ang mga Pulang mandirigma sa bukid. Hinintay naman ng kanyang ina ang pagdating ng mga Hapon. Dumaan ang mga Hapon. Huminto ang mga ito sa tapat ng kanilang kubo, pinagmasdan ang ina ni Boy na mariing nagkukuskos ng maruruming damit, sinipat ang loob ng kabahayan sa pamamagitan ng bintanang sinadyang ibukas nang maluwang, at nagpatuloy sila sa paglalakad, pahintu-hinto, pasipat-sipat sa loob ng mga bahay na maraanan. Bago dumating ang pananghalian, sinundo sila sa may duluhan ng isang dyip. Ang harurot ng kanilang sasakyan ay sinaliwan ng kanilang tawanan at ng meee-meee-meeee ng ninakaw nilang kambing.

Sinundo ng ina ni Boy ang mga Pulang mandirigma sa bukid, kasama siya at ang kanyang ama. Pagkatapos kumain, ipinagpatuloy ng mga Pulang mandirigma ang naudlot nilang pulong. Bago umalis si Boy pabalik sa eskwela, hinaplos ng mga Pulang mandirigma ang kanyang buhok at sinabing, "Oo, may bata ngang NPA. Ikaw."

Muling umalimbukay ang alikabok sa kalsada at ang araw ay nanatiling nagmamatyag sa bintana ng silid-aralan ni Boy, na ngayo'y nakapwesto uli sa kanyang upuan. Itinaas niya ang kanyang kamay nang magtanong ang titser tungkol sa aralin nila para sa araw na iyon.

MAGKUKULAMBO

PAPILAPILANTOD SIYANG NAGlalako ng kulambo. Sa maalikabok at makikitid na lansangan ng mga baryo, madalas siyang makitang naglalakad, ngayon sa isang baryo, sa ibang araw sa ibang baryo naman, sunung-sunong ang isang talakang kulambo: pula, puti, berde, asul at dilaw, at may iba't ibang sukat -- m a y kulambong pang-isahan lamang, o pandalawahan, o kahit na para sa isang pamilyang binubuo ng sampung katao.

"Kulambo!"

Kilala na siya ng mga ta-

gabaryo. Maraming magsasaka sa iba't ibang baryo ang nakikilala na rin niya.

Karaniwan, hulugan kung bumili ng kulambo sa kanya ang mga tagabaryo. Payag naman siya, at dahil dito'y regular siyang dumadalaw sa kanila upang maningil at magtinda pa ng kanyang kulambo.

Sa kawayang papag niya inilalapag ang bungkos ng kulambo; isa-isa namang inilaladlad ng mga tagabaryo ang mga kulambo sa pagpili ng gustong bilihin. Natamang pinagmamasdan ng magkukulambo ang bawat taong makita niya sa loob ng kubo, ang bawat bagay na nakasuksok o nakasabit sa dinding, nakapatong sa mesa o nakatabi sa sulok. Mataman siyang nakikinig sa usap-usapan ng mga namimili o nanonood lamang.

Papilapilantod, nakapagbabahay-bahay siya, nakapagbabaryu-baryo.

Isang araw, dumating ang isang magsasaka na may dalang balita: "Hindi pilantod ang magkukulambo!"

At hindi rin siya magkuku-

lambo. Sa isang reyd ng mga Hapon sa isang baryo, namukhaan siya ng mga magsasaka, nakauniporme ng tulad ng mga Hapon, at nagtututuro ng mga bahay na pinagpupulungan ng mga Pulang mandirigma. May kayabangan siya kung tumindig.

Ilang kasama ang nakuha ng mga Hapon sa reyd na iyon.

Dumaan ang mga araw. Sa isang baryo, dumating ang magkukulambo, papilapilantod, sunung-sunong ang isang talaksang kulambo.

Isang babaing nakadungaw sa bintana ang tumawag sa kanya: "Halika, bibili kami ng kulambo mo."

Pumasok ang magkukulambo sa kubo. Isinara ng babae ang pinto. Sa loob ng kubo, may mga lalake at babaing naghihintay. Ang ilan sa kanila ay may hawak na baril.

Ang magkukulambo ay nasa harap ng mga Pulang mandirigma at taong-baryo. Nawalang bigla ang kanyang pagkapilantod. Akma siyang tatakbo pero may matitipunong k a m a y na pumigil s a kanya. Nahulog ang kanyang sunong n a kulambo. Nasalat ng isang magsasakang pumipigil sa kanya ang isang matigas na bagay sa kanyang tagiliran: baril. Kinumpiska iyon ng masang naroroon.

Sa paglilitis, inamin niya na isa siyang ahente ng militar, na isa lamang siya sa mga ahenteng nagkukunwaring magkukulambo at ang iba nama'y nagkukunwaring magsosorbetes, mambubulok at maglalako ng walis. Gumagala sila sa mga baryo upang maniktik ng mga Pulang mandirigma at masang kumikilos laban sa diktadura.

Dahil sa pinsalang nilikha niya sa rebolusyonaryong pakikibaka sa kanayunan, siya ay hinatulan ng kamatayan ng mga Pulang mandirigma at masa.

Hindi na nakita pang muli sa mga baryo ang pipilapilantod na magkukulambo.

ANG MATANDA

MALAKAS ANG ULAN NANG GABING iyon. Madulas ang mga pilapil, at ang tubig at putik ay nakapagpapabigat sa mga kasuotan at kagamitan ng mga kasama. Nangangaligkig na sila sa ginaw, lalo na ang isang kasamang babaing ubo nang ubo at halos hindi na makalakad.

Sa dilim at bugso ng ulan, natanaw nila ang isang kulumpon ng bahay. Doon na muna sila magpapalipas ng gabi.

Nagpataupo sila sa unang kubong kanilang naratnan. Naghanap silang lahat ng anumang masisilungan sa paligid ng kubo. May nagsindi ng gasera sa loob, at maya-maya'y umingit ang binubuksang pintong pawid. Isang matandang babae na may hawak na gasera ang sumilip sa puwang ng pinto. Nakiusap ang mga kasama na patuluyin sila sa gabing iyon.

Kumunot ang noo ng matanda. Sinabi niyang wala ang kanyang asawa, nangibang-baryo ito upang makitanim para kumita ng kaunti, nag-iisa lamang siya, maliit lamang ang kubo niya, wala siyang maipakakain sa kanila.... Ngunit sa liwanag ng gasera, nakita ng matanda ang mga kasama, nagsusumiksik sa anumang bahagi ng kubo na masisilungan, basang-basa, at ang isa sa kanila ay ubo nang ubo.

Binuksan ng matandang babae ang pinto at walang kibong pinatuloy ang mga kasama.

Kinabukasan, tila na ang ulan. Sa maliit na mesa, nakahanda na ang timpladong kape, kanin, pritong itlog at gurami. Mayroon pang dalawang kaha ng sigarilyo sa hapag.

"Masyado kayong nag-abala, Lola," ang sabi ng mga kasama, matapos nilang mahikayat na sumubay na ang matanda sa kanilang almusal.

"Hindi ako ang nag-abala. Ang mga kapitbahay ang nagdala ng mga iyan."

Natuwa ang mga kasama.

"Naramdaman nilang may mga dumating kagabi. A, mga kasama, ang sabi nila. Kung minsan, may mga katulad din ninyong dumaraan dito sa aming lugar. Pero kung minsan din, may mga Hapong bigla na lang sisipot at mangungurakot ng kung anu-ano. Kambing, manok, bigas."

Nang dumating ang panang-halian, nagdala na naman ng pag-kain ang mga kapitbahay ng matan-da.

"Alam nilang wala akong maipakakain sa inyo," ang sabi ng matanda habang sila ay nananang-halian.

"Ang sabihin n'yo," putol ng isang babaing kapitbahay ng matanda, "dinadalhan natin sila ng pagkain dahil alam nating hin-di sila Hapon. Kung mga Hapon iyan, tiyak na kagabi pa'y binu-labog na nila ang mga manok ko."

Nakipagkuwentuhan ang mga kasama sa ilang magsasaka at asa-wa ng mga ito na nagdala ng pag-kain nang tanghaling iyon. Pi-nag-usapan nila ang kahirapan ng buhay sa ilalim ng naghaharing diktadura, ang suliranin sa lupa, ang pagkilos ng masa at Pulang mandirigma sa buong bansa para sa ikapagtatagumpay ng rebolusyon.

Kinagabihan, matapos ang hapunan, lumikas na ang mga kasa-ma matapos magpasalamat, maliban sa kasamang babaing mayroon pang sakit.

Inalagaan ng masa ang ka-samang maysakit. Madalas silang nasa paligid ng kasama, tinata-nong kung ano ang nararamdaman niya, ano ang kailangan niya. Pi-nakakain siya sa higaan, pinaii-nom ng gamot. Para namang inang abalang-abala sa kanyang anak ang matandang babae. "Dito ka na lang sa amin," ang madalas na mabang-git ng matanda sa kasama.

Gumaling ang kasama. Na-kalalakad na siya at nakagagawa ng ilang gawain sa kubo. Sa ga-bi, magkatabi silang natutulog ng matanda, nagkukuwentuhan hanggang makatulog sila.

Isang umaga, dumating ang isang magsasaka mula sa kabilang baryo na kinaroroonan ng mga ka-samang naunang nagtungo roon. Inayos ng kasamang babae ang kan-yang mga gamit. Nagpasalamat si-ya sa matandang babae at sa iba pang naroroon. Niyapos ng kasama ang matandang babae; tila sila mag-inang nagpapaalaman.

Mula sa pilapil, lumingon ang kasamang babae at kumaway.

"Bumalik ka! Bumalik ka-yo!" ang sigaw ng matandang babae.

ANG DALAWANG BATA AT ANG BARIL

1. SA BAHAY NA MALIIT

Sama-sama noon sa bahay na maliit sina Tatay at Nanay, Tanglaw at Estrella.

Lagi silang may bisita, dahil maraming mga kaibigan ang Tatay at Nanay ng dalawang bata.

Kaibigan din nina Tanglaw at Estrella ang mga taong iyon. Masasaya sila at mababait. Madalas silang makipaglaro at magkuwento sa mga bata. Kung wala si Tatay at si Nanay sa bahay, inaalagaan sila ng mga kaibigang iyon. Para na rin silang magulang ng dalawang bata.

Madalas, tulung-tulong sina Tatay, Nanay at mga kaibigan nila para tapusin ang trabaho.

Kapag nakikita nina Tanglaw at Estrella na maraming trabaho ang malalaking tao, tumutulong din sila. Kung marumi na ang sahig, nagwawalis sila. Naghuhugas sila ng mga baso.

"Ang babait ninyo!" sabi ng mga kaibigan. "Mas mabilis matapos ang ginagawa namin pag tumutulong kayo."

At hahalikan at yayakapin nina Tatay at Nanay ang dalawang bata.

2. NAHULI SI TATAY!

Kung minsan, nagbabakasyon sina Tanglaw at Estrella sa mga Lolo at Lola nila. Gustung-gusto nila roon. Mandoon din ang mga pinsan nila. Sari-saring laro ang alam ni Lolo, kaya't lagi silang masasaya. Tinuturuan naman sila ni Lola na bumasa't sumulat.

Nang matagal na sila roon, may dumating na sulat. Galing iyon kay Nanay. Binasa ni Lola ang sulat sa mga bata:

"Mahal naming mga anak: Hindi muna namin kayo masusundo. Noong isang araw, nahuli ng kaaway sina Tatay at ilang kaibigan natin. Sinaktan sila ng kaaway para sabihin nila kung nasaan ang iba pang kasama. Pero kahit ano ang gawin ng mga salbaheng sundalo, wala silang sinabi o itinuro sa kaaway.

"Ngayon ay nandito ako sa baryo at kasama ako ng mga mabait na sundalo. Nagtutulungan ang mga tao sa baryo para matalo ang kaaway at maalis na ang mga nagpapahirap at nagnanakaw sa mga taong inaapi, tulad natin.

"Kaya diyan na kayo sa Lolo't Lola. Maaayos din natin ang lahat, at pagdating ng araw ay sama-sama uli tayong lahat. Mahal na mahal kayo namin ni Tatay."

Napaiyak sina Tanglaw at Estrella. Galit na galit sila sa kaaway dahil sinaktan ang mabait nilang Tatay at iba pang mga kasama. Naiiyak din sila sa galit dahil hindi muna sila puedeng sama-sama nina Tatay at Nanay nila. Hinahanap, sinasaktan at ikinukulong ng kaaway ang mga lumalaban para sa mahihirap at inaapi.

Malungkot din at nagagalit sina Lolo at Lola. Niyakap nila at hinalikan ang dalawang bata. Sabi nila: "May kailangang gawin ang Nanay ninyo sa baryo. Tayo rin, may puede tayong gawin maski dito. Habang marami tayong tulung-tulong, lalong mabilis na matatalo ang kaaway at maaayos ang lahat."

3. NAKATAKAS!

Isang araw, may uwing magandang balita si Lolo. Nagbulungan muna sila ni Lola. Saka nila tinawag ang lahat ng mga bata.

"Alam ba ninyo kung anu'ng nangyari?" sabi nila. "Nakatakas si Tatay sa bilangguan! Hindi na siya mahanap ngayon ng kaaway. Nagpunta siya sa baryo at magkasama na sila ngayon ni Nanay!"

"Yeheyyyy!" ang sigaw nilang lahat.

Palakpakan sila't talunan.

Nagsisayaw ang apat na bata.

Tuwang-tuwa at nagtatawanan ang malalaking tao.

May isa pang sorpresa si Lolo. May uwi rin siyang ice cream!

'Kasi, nakatakas si Tatay, kaya magsasaya tayo,' sabi niya.

Nagtakbuhan ang mga bata sa kusina. Kumuha sila ng mga tasa at kutsara. Bago tumikim ang mga bata, tiningnan muna nila kung mayroon na ang iba. Saka pa lang kinain ng bawat isa ang kanyang sariling ice cream.

4. NASA BARYO NA SILA

Nang malaki-laki na sina Tanglaw at Estrella, sa baryo na rin sila tumira. Nag-aaral sila, at tumutulong sa mga gawain ng malalaking tao. Nagtatanim sila ng ampalaya, talong at okra. Nagdidilig sila ng halaman. Kung minsan, pinanonood nila ang mga nangingisda sa ilog. Naroroon-naroroni silang mga kaibigan at kalaro sa baryo.

Madalas, kung gabi, dumadalaw ang magkapatid sa Tatay at Nanay nila. Naiingat silang naglalakad. Tinitingnan muna nila kung maaaring makita sila ng kaaway.

Kasi, nandoon pa rin ang kaaway sa baryong iyon. Nagnanakaw sila ng aso sa mga bakuran, pinapatay iyon at kinakain habang inom nang inom ng alak hanggang malasing. Pag lasing na sila, nanggugulo sila sa mga tao. Hinahabol ang mga babae. Binubugbog ang mga lalaki. Binabaril nila ang mga pusa at manok, saka magtatawanan na parang nga sira ang ulo.

Ang mga magsasaka sa baryo ay nagtatrabaho para sa ilang tao lamang. Ang mga taong ito ang may-ari ng lupa. Hindi nagtatrabaho ang mga asenderong ito, pero mayaman sila. Pinipilit nila ang mga magsasaka na bigyan sila ng maraming palay.

Kaya maski pagod na pagod ang mga magsasaka sa bukid, konkaunti lang ang palay na napupunta sa kanila. Hindi sila makakain nang marami at puro masarap, tulad ng asendero. Kung malakas ang ulan, tumutulo ang bubong nila. Wala silang gaanong pambili ng mga kailangan nila.

Nasa baryo ang mga salbaheng sundalo para ipasunod ang mga utos ng mga asendero at ng bulok na gobyerno nila. Nakahanda silang bumaril sa sinumang lalaban sa mga nang-aapi at nagtatanggol sa mahihirap.

Galit na galit ang mga magsasaka sa kaaway na nagnanakaw at nagpapahirap sa kanila. Galit na galit rin sina Tanglaw at Estrella nang malaman nila ang napakasamang ginagawa ng kaaway sa masa. Pero hindi nila ipinapakita ang galit nila. Ganoon din ang masa. Tumutulong sila sa paglaban, nang hindi nalalaman iyon ng kaaway.

Kaya laging alisto sina Tanglaw at Estrella sa paglalakad. Hindi dapat malaman ng kaaway na nakadadalaw sila sa Tatay at Nanay nila.

5. MGA MABAIT NA SUNDALO

Ang yabang-yabang ng knaway, pero ang totoo'y takot ang mga mamendero, ang bulok na gobyerno at ang salbaheng mga sundalo nito.

Natatakot sila sa mahihirap na inaapi't pinagnanakawan nila. At takot na takot sila sa mahihirap at inaaping nagiging mabait na sundalo.

Kasi, ang mabait na sundalo ang tumutulong sa mga taong-baryo na lumaban sa asendero at sa bulok na gobyerno nila. Ang tawag ng mga sa mabait na sundalo ay: hukbo, hukbo natin. Sila ang mga sundalong para sa masa.

Kapag dumadalaw sina Tanglaw at Estrella sa kanilang mga magulang, masaya silang nakikipag-istoryahan sa mga mabait na sundalo. Naglalaro sila. Para rin noon, nang sama-sama sila sa maliit na bahay. Kaya lang, ngayon, may dalang baril ang mga kasama at pati na ang Tatay at Nanay nila.

"Turuan ninyo kami ng tungkol sa baril," sabi ng dalawang bata.

"Bakit, kaya na ba ninyong magdala ng baril?" biro ng Nanay nila. Bubuhatin na ng dalawang bata ang baril nang kunin ito ni Tatay.

"Dapat nating pag-ingatan ang baril," sabi niya. "Ang baril ay nakamamatay. Ginagamit natin ito para may maipanlaban tayo sa kaaway. Hindi laruan ang baril, kundi pampatay sa kaaway."

Tumigil ang dalawang bata. Ipinakita sa kanila ni Tatay kung paano ginagamit ang baril, kung saan ikinakarga ang bala at kung alin ang kinakalabit para paputukin iyon. "Pag malaking tao na kayo," sabi niya, "sasama na kayo sa amin at bibigyan din kayo ng baril para gamitin sa kaaway."

"Marami ba tayong baril?" tanong ng dalawang magkapatid.

"Kulang pa nga, e," sagot nina Tatay at Nanay. "Maraming tumutulong sa atin kahit saan sa buong Pilipinas. Di ba, dito sa baryo, halos lahat ng masa, kasama? Pero para matalo natin ang kaaway, kailangang magkaroon pa ng mas maraming baril ang ating hukbo."

"Sige, hahanap kami ng baril at ibibigay namin sa inyo," sabi ng mga bata.

Tawanan silang lahat at niyakap sila ng mga mabait na sundalo.

6. MGA SALBAHENG SUNDALO

Isang araw, papauwi na sina Tanglaw at Estrella mula sa eskwela. Nasalubong nila sa daan si Apung Andang. "Halimuna kayo," sabi ng matanda. "Gusto ba ninyo ng ginataan? Magmeryenda muna kayo."

"Ay, sarap!" sigaw ni Tanglaw.

"Kaya, kumain na tayo ng mais, a."

"E, paano, masarap magluto si Apung Andang!"

"Oo nga, gusto ko ring tikman ang ginataan!"

Natawa si Apung Andang. "Noong isang araw, pagkatapos ninyo akong ipag-igib ng tubig sa poso, tinatawag ko kayo. Bibigyan ko sana kayo ng saging na nilaga. Pero ang bilis ninyong lumakad, di ko na kayo nahabol."

"Ing sabi kasi ng mga kasama, hindi dapat maghanap ng kapalit kung may ginawa ka para sa iba," paliwanag ni Tanglaw habang subo nang subo ng masarap na ginataan.

Halo naman nang halo si Estrella sa ginataan, habang hinihipan ito. "At saka busog na kami noon, e. Sa iba na lang yung saging, kung hindi pa sila kumakain."

"Tapos na ako. Tingnan mo, Apo. Hindi pa nakaumpisa si Estrella," biro ni Tanglaw.

"Hindi bale. Mas malalasahan ko naman pag hindi nabilis ang kain," sagot ng kanyang kapatid.

Sabi ni Apung Andang: "Nahusay magturo ang mga kasama. Sana, may nga apo rin akong tulad ninyo."

"Si ba, apo mo rin kami?"

"Oo, ganoon na nga. Tama kayo."

Nay narinig silang nabibigat na paang pumapasok sa bahay. Paglingon ng tatlo, nakita nila sa pinto ang tatlong lalaking pangit, may dalang baril.

Mga salbaheng sundalo!

"Ano'ng meryenda mo, Tanda?" sigaw ng isa.

"Iba, e... kumain nga kami ng ginataan nitong mga apo ko," sagot ni Apung Andang.

"Tatlo kami. Bilis-bilisan mo, Tanda. Wala ka bang kape?"

"Mahirap lang kami. Hindi kami makabili ng kape," sabi ni Apung Andang. Halos hindi na niya maitago ang kanyang galit sa mga baston at abusadong sundalong kaaway.

Habang sinasabakan ng mga salbaheng sundalo ang masarap na ginataan, nakatingin sina Tanglaw at Estrella sa mga baril nila. Iniwanan iyon sa labas. Walang makakakita!

Subay naisip ng mga bata: "Sabi ng mga kasama, kailangan ng hukbo natin ng marami pang baril. Sana, maski isang baril, makuha namin!"

Pumasok uli si Estrella. Sinandukan niya uli ng ginataan ang tatlong matatakaw na sundalong kanway. Kakanta-kanta pa siya:

"Mamang kaylupit,
di na nakaya pang mahabag.
Tag pumanaw ang buhay ko,
May isang pipit na iiyak!"

7. NAKUHA ANG BARIL

Sa labas, walang ingay na binuhat ni Tanglaw ang isang mahabang baril. Mabigat! Pero kaya naman niya. Mabuti't malakas siya. Tumalbog siya sa likod ng bahay, doon sa maruming halaman. Kailangang mag-ingat! Pag nabagsak ang baril, tagot na! Mapapansin ng kaaway. Di nila dapat mapansin! Mainam ang malinis pawis ni Estrella. Basta't kumilos ng mabilis ang matatakaw, wala silang mapapansin!

Palapu-lapo, patakbu-takbo. Nang makalayo na nang kaunti, huminto si Tanglaw. Itetago muna niya ang baril sa dayami.

Itinatago niya ang baril nang dumating si Estrella, tumatakbo. Pinipigil ng batang babae ang kanyang tawa. "Alam mo? Tamang-tama, may nagdaang dyip sa harapan nina Apung Andang. Dyip ng mga pulis na kagalit ng mga sundalong kaaway. Tumigil sandali, tapos umalis uli, papuntang bayan."

"O, hindi ba napansing wala na'ng isang baril?"

"Oo nga. Akala nila, ninakaw ng kagalit nilang pulis! Kaya ngayon, hinahabol nila sa bayan."

Alam ba ni Apung Andang ang ginawa natin?"

"Oo, nasilip ka niya. Sabi niya mag-ingat tayo. Siya na raw ang bahala sa kaaway kung babalik sila."

8. MGA BATANG REBOLUSYONARYO

Nang madilim na, hinanap ng dalawang bata ang mga kasama. Sinamahan nila sina Tatay at Nanay na kunin ang baril na nakatago sa dayami.

Tuwang-tuwa ang mga kasama sa kuwento nina Tanglaw at Estrella. Nag tuwang-tuwa ang Tatay at Nanay nila.

"Talaga ngang mga batang rebolusyonaryo kayo!" sabi ng lahat.

"Paglaki namin, sasama na kami sa inyo," sabi ni Estrella.

"Tatalunin natin ang kaaway!" dagdag ni Tanglaw.

"Basta't ang ginagawa natin ay para matulungan ang masa, mananalo tayo. Tatalunin nga natin ang kaaway!" sabi ng mga kasama.

Nagsaya silang lahat. Ipinakuwento uli sa dalawang bata kung paano nila kinuha ang baril sa kaaway.

"Mabuhay ang rebolusyon!" sabi nila. "Mabuhay ang mga batang rebolusyonaryo!"

ANG ANAK

ni Anh Duc

MALALIM NA ANG GABI'Y GISING PA SI BA AT ANG KANYANG ASAWA. Mag-aapat na renta anyos na si Ba; nakababata sa kanya ng dalawa o tatlong taon ang kanyang maybahay. Nakaupo si Ba sa banig na nakalatag sa lupa, nakasandal sa isang haligi, nakaunat ang mga binti. Matagal silang nanatiling walang kibuan. Walang anu-ano, sinuntok ni Ba ang lupa:

"Nakapagpasya na ako!"

Di umimik ang kanyang asawa, ngunit sa mga mata nito'y nagsimulang bumalong ang luha. Ang mukha nito ay puno ng dalamhati. Paminsan-minsan, ang katahimikan ng gabi ay binabasag ng isang putok mula sa toreng bantayan, ngunit hindi nila ito pinansin sapagkat ito'y karaniwang pangyayari sa isang nayong garison. Nang maglaho ang alingawngaw ng putok, narinig na naman ang paghilik ng isang binatilyong may disisais anyos na nakahiga sa papag.

Kinabig ni Ba ang kanyang binti, tumayo at nag-unat-unat, at nagtungo sa makapal na tablang higaan. Tumindig na rin ang kanyang asawa at lumapit sa kanya.

"Kailan siya aalis?" bulong niya.

"Hindi ko pa alam, pero sa palagay ko'y malapit na. Makikipagkita muna ako sa sundalong si Tu at pag-uusapan namin ang tungkol dito. Aalis na siya sa oras na si Tu ang guardya."

"Mahabaging langit!" ang panaghoy ng kanyang asawa.

"Ano'ng nangyayari sa iyo? Kayong mga babae, oo, kaydali ninyong umiyak. Matanong nga kita: matutuwa ka ba kung si Trung ay sapilitang pasamahin sa hukbo ng kalaban?"

Walang tinag na nakatayo ang babae, pinapahiran ang kanyang luha. Kilala niya si Ba, ang kanyang asawa, bilang isang taong may paninindigan: minsang ito'y makabuo ng isang pasya, hindi nito kailanman tatalikuran iyon. Sa loob ng nakaraang dalawang linggo, kinakausap siya nito tungkol kay Trung, ang kanilang anak. Sinasabi-sabi nitong kailanma'y hindi nito papayagang mamuhay ang kanilang anak sa nayong garison na ito. Aayusin nitong makaalis ang kanilang anak, kaya't kailangang ihanda niya ang mga pangangailangan ni Trung. "Saan siya tutungo?" ang kanyang tanong. "Sa hukbong mapagpalaya," bulong ni Ba sa kanyang tainga. At idinugtong pa nito: "Huwag mong mababanggit ito kaninuman, kahit na kay Trung. Ihanda mo ang kanyang mga gamit, sulsihan mo ang kanyang mga damit. Ang naipon nating dalawandaang piastre, huwag mong babawasan, iyon ay para sa ating anak pag siya'y umalis. Alam kong siya lang ang ating anak, pero muli't muli kong pinag-isipan ang bagay na ito. Malakas siya at malapit nang tawagin para sapilitang magsilbi sa reaksyonaryong hukbo. Para siyang hayop na handang silain ng mga tagarekluta. Kailangang magpasya tayo kaagad. Hayaan nating sumanib siya sa hukbong mapagpalaya, tiyak na mapapanday siya. Oo nga't pahahawakin din siya ng riple, pero gagamitin niya iyon para lipulin ang mga taksil. Ikasisiya ko kung mamatay man siyang nakikibaka!"

Lubha siyang ninerbyos nang unang banggitin sa kanya ng kanyang asawa ang bagay na ito. Paano nga naman, nakatira sila sa isang nayong garison na namumutiktik sa iba't ibang klase ng maton. Sa katunaya'y nanginig siya sa takot. Ngunit paulit-ulit niyang pinag-isipan ang bagay na ito, at ipinasya niyang tama nga si Ba. Si Trung ang kanilang tanging anak. Malapit na nitong sapitin ang edad ng pagsusundalo at pihadong kukunin siya ng reaksyonaryong hukbo. Oo, tama si Ba; hindi nila dapat basta hintayin na lamang ang araw na iyon nang walang ginagawa. Ngunit bagamat alam niyang nakabuo ng isang wastong pagpapasya ang kanyang asawa, ang bagay na ito ay hindi nakapagpagaan sa paghihirap ng kanyang kalooban. Hindi siya napagkatulog nitong mga nakaraang araw at inisip niya ang mga pangyayaring naganap nang isilang niya ang kanyang anak, may labing-anim na taon na ang nakalilipas. Nang gabing iyon, isang nars ng Hukbo para sa Pagtatanggol ng Inangbayan ang nagpaanak sa kanya, samantalang sa di kalayuan ay naririnig ang mga putok mula sa katatayong himpilan ng mga sundalong Pranses. Ang Hukbo rin ang nagbigay sa kanila ng tela para gawing lampin ng sanggol. Sila noon ay mahirap na manggagawang pambukid at ang kanilang mga damit ay yari sa pira-pirasong sakong abaka. Nang sumunod na taon, binigyan sila ng rehimeng rebolusyonaryo ng dalawang ektaryang lupa, na nakatulong upang magkaroon sila ng sapat na ikabubuhay at mapalaki nila ang kanilang anak. Ngunit kamakailan, tatlong buwan lamang ang nakararaan, dumating ang mga sundalo ng pamahalaang Diem at itinaboy sila mula sa kanilang bahay at lupa. Hinadlangan ni Ba ang isang sundalo na akyatin ang pawid na bubong ng kanilang bahay at wasakin ito: hinila niya ang binti ng sundalo na ikinahulog nito. Mga puluhan ng riple ang ipinambugbog sa kanya ng mga sundalo hanggang sa siya'y mawalan ng malay-tao. Kinaladkad siya ng mga iyon, kasama ang kanyang asawa't anak. Ngayon, nakakulong sila sa nayong garison na ito, tunay na isang bilangguan. Ang buhay nila rito ay kahabag-habag, at tinatakot sila't inaapi tuwina. At ngayon, ang bagay na yaong nakatatakot, ang pagpilit ng reaksyonaryong hukbo na gawing sundalo ang kanilang anak, ay malapit nang maganap. Higit itong masama kaysa anupamang naranasan na nila.

"Ang Rebolusyon ang nagbigay sa atin ng lupa," madalas mabanggit ni Ba sa kanyang asawa, "at nagpapasalamat tayo't dahil diyan ay napalaki natin ang ating anak. Ngayon, hahayaan ba nating pilitin si Trung na magsilbi sa hukbo ni Diem? Hahayaan ba natin siyang magtuon ng sandata laban sa Rebolusyon? Sa ganyang paraan ba natin babayaran ang ating pagkakautang?"

Sa katunayan, hindi kailanman tinutulan ng asawa ni Ba ang kanyang pasya. May isang linggo nang lihim niyang pinaghahandaan ang paglisan ng kanyang anak. Ngunit ay! anong bigat ng dinaranas niyang paghihirap! Maiiwasan ba ito ng isang ina kung malapit nang umalis ang kanyang anak, na marahil ay di na muling makababalik.

Sa higaan, nagsimula nang maghilik si Ba. Nahiga ang asawa ni Ba sa tabi ni Trung. Hindi siya makatulog. Naupo siya at pinagmasdan ang kanyang anak sa malamlam na liwanag ng munting gasera. Natulog si Trung na walang suot na kamiseta, sapagkat napakainit ng gabi. Banayad niyang hinaplos ang bisig ni Trung: matigas at malakas ang bisig nito. Lumaking isang matipunong lalaki ang kanyang anak. Inapuhap niya ang kanyang mga gamit sa pagsusulsi, inilapit ang gasera at sinimulang sulsihan ang kamiseta ni Trung. Samantalang sinusulutan niya ng sinulid ang karayom, muling nanlabo sa luha ang kanyang mga mata. Paminsan-minsan, ang katahimikan ay pinupunit ng mga putok ng riple ng mga guardya sibil. Umaalingawngaw ang mga yabag ng mga tanod na nagroronda. Maliban sa mga ingay na ito, namamayani ang isang ganap na katahimikan sa nayong garison, isang imbing katahimikan. Sa mga toreng bantayan sa apat na sulok ng istakeyd, kumikislap ang liwanag na tila mga mata ng demonyo. Ang sala-salabid na alambreng maytinik ay nasasalamin sa tubig ng kanal na nakapaligid sa nayong garison.

"Ngayon, nasabi ko na ang ibig kong sabihin sa iyo. Pupunta ka ba?" tanong ni Ba sa kanyang anak. Sandaling tahimik na nakaupo si Trung; sinulyapan niya ang kanyang ama. Inulit ni Ba ang kanyang tanong:

"Pupunta ka ba? Natatakot ka ba?"

Napatindig si Trung. Walang katingin-tingin sa kanyang ama, sinabi niya: "Bakit ako matatakot? Handa akong umalis ngayon din. Bakit maghihintay pa ako ng gabi? Aalis ako sa tanghaling tapat."

"Naloloko ka na ba? Mas mainam na walang makakita sa iyo. Mas madali sa gabi. Nakausap ko na ang sundalong si Tu. Malapit na siyang magguardya sa pinakamataas na toreng bantayan. Hahayaan ka niyang lumabas, at magpapaputok siya bilang alarma pagkaraan ng ilang sandali." Ako naman, magkukunwari akong katatakas mo lang!"

Tama ang matanda, naisip ni Trung. Sumandali siyang nanatiling tahimik, pagkatapos ay sinabi niya:

"Pagkaalis ko, guguluhin nila kayo."

"Huwag kang mag-alala. Ang mahalaga ay makatakas ka. Bale wala sa akin kung kulatain nila ako ng riple."

Walang tinag sa pagkakaupo si Trung. Pakurap-kurap siya. Minumunimuni niya ang mangyayari pagkaalis niya: sino ang mangangahoy para sakay inay? Siguradong mamamaga ang mga mata ng kanyang ina sa kaiiyak dahil sa pag-aalala sa kanya. Nagsalimbayan sa kanyang isip ang ligaya at lungkot. Maya-maya ay naisip niya ang araw ng kanyang pagbabalik, kasama ang mga mandirigmang tulad niya, upang palayain ang kanyang mga magulang, si Tiya Tam, si Tiyo Nam at ang kanyang mga pinsang babaing sina Lanh at Que. Lilipulin niya ang mga guardya at milisya rito. Gigibain niyang lahat ang mga istakeyd at bakod. Ang mga taong nasa ating panig tulad ng mga sundalong sina Tu at Chin Co ay ililigtas, pero ang iba pa, ah! itatapon niya silang lahat sa ilog! Sa kanyang guniguni, nakita niya ang maaapoy na tagpo ng digma!

"Sa sandaling nandoon ka na sa mga sonang pinalaya," sabi ng kanyang ama, "maging maasipag ka at makilos, naiintindihan mo? Pangibabawan mo ang lahat ng kahirapan. Higit na mas mainam kung kukunin

ka para sa hukbong mapagpalaya, pero kahit na gawaing kuryer lamang ang ibigay sa iyo, huwag mong tanggihan. Tanggapin mo ang lahat ng gawaing ibibigay sa iyo, naiintindihan mo?"

Binigyang-diin ng kanyang ama ang huling salita. Medyo nainis si Trung sa gayong pag-uulit-ulit. Kung sasama ka sa rebolusyon, natural lamang ang mga kahirapan. Hindi niya kinatatakutan ang mga iyon. Nalangoy na niya ang mga ilog, natawid na niya ang putikan ng mga bukid at latian, naranasan na niyang hindi kumain nang dalawa o tatlong araw na tuluy-tuloy. Siyempre, ang gutom ay isang bagay na hindi kasiya-siya, pero ipinangako niya sa sarili na hindi siya masisiraan ng loob. Ang anumang kahirapan na matitiis ng kanyang mga kasama, matitiis din niya. Tumanaw si Trung sa labas: sa ibayo ng bakod na alambreng maytinik, nakita niya ang mga moog na di pa yari, ang ilog, ang malawak na bukid, at mga halamang magsisilbing hanggahan ng nayon ng My Hiep; kasunod niyon ay ang kanya mismong nayon, ang Tan Hiep. Tatawirin niya ang ilog -- madali lang iyon, kaya niya kahit na apat na beses pa. Kakaripas siya ng takbo at mabilis na babagtasin ang kalawakan ng bukirin. Ah, kaydali...

"Ang mahalaga ay..." pumailanlang na naman ang tinig ng kanyang ama.

"Ang mahalaga, ang mahalaga, ay! nakakakulili..." walang paggalang na dalog ni Trung sa kanyang sarili.

"Ang mahaluga ay ang maging matapang ka. Mas mataas ang ating moral kaya't lagi nating nadadaig ang mga tropa ng Estados Unidos at ni Diem. Lagi silang handang umurong samantalang ang ating mga tropa ay lumulusob na bago pa man ibigay ang utos!"

Sinulyapan ni Trung ang kanyang ama, at nagbulay-bulay: "Ano, sundalong lumulusob na bago pa man ibigay ang utos!" Katawatawa, pero hindi niya mangahas ipakita ang kanyang katuwaan o kaya'y salungatin ang kanyang ama. Medyo madaling magsiklab ang matanda: kapag nagalit iyon, lagot siya! Ngunit batid ni Trung kung gaano kalaki ang pagmamahal ng kanyang ama sa kanya at sa kanyang ina; kaya nga lang, hindi gawi ng matanda ang maglantad ng kanyang damdamin. Tungkol naman sa kanyang ina, ito ay may pusong mahabagin at magiliw na magiliw sa kanya: pagkanlis niya, tiyak na mamamaga ang mga mata nito sa kaiiyak. Sayang at siya lamang ang anak; kung mayroon siyang batang kapatid na babae, tulad halimbawa ng pinsan niyang si Que, makatutulong siya sa kanyang ina. Sa mga pandaling iyon, abala ang kanyang ina sa kusina. May naiiba na ningning. Ano 'yon? Bihon at hipon marahil, ang kanyang paborito. Matagal-tagal na rin, hindi siya nakatitikim ng bihon at hipon. Ang dahilan ay hindi madaling makakuha ng hipon sa mayong garrison sa ito. Ilandlan siyang nanghuli ng hipon sa kanal na malapit sa Tan Hiep bago ito binakuran. Upang makapamalengke, kailangan pa munang kumuha ng espesyal na pahintulot kay Hai, ang guardya; iilang hipon ang naiuwi ng kanyang ina, ang mamahal! Labinlimang piastre para lang sa walong hipon!

Inilalapag ng kanyang ina ang mga mangkok at pansipit sa hapag nang makarinig sila ng mga yabag: si Hai, ang guardya. Huminto siya na may pintuan, nakapamulsa sa kanyang pantalong dacron, at sumigaw:

"Hoy, may miting mamayang gabi. Importanteng-importante. Tungkol sa patakarang bukas-palad ng gobyerno."

Walang sumasagot. Bumulyaw siya:

"Ano ba, tepok na ba kayong lahat? Wala bang tao d'yan?"

Hindi tumitinag sa kanyang kinalalagyan, sumagot si Ba mula sa loob ng bahay: "Nandito ako."

"Bakit ba hindi mo ibuka 'yang malaki mong bunganga?" ang singhal ng guardya. "Makinig ka, pumunta ka sa bahay-pulungan mamayang gabi para sa pag-aaral ng patakarang bukas-palad ni Presidente Ngo Dinh Diem. Kung may mga kamag-anak kang sumama sa mga Vietcong, akitin mo silang bumalik... Ah, ang sarap! Ano'ng niluluto n'yo?"

"Kaunting bihon... Naubusan kami ng bigas..."

"Bihon sa halip na bigas? Kayong mga tao kayo, oo, ang sagana ng buhay n'yo. Pero, pinahirapan n'yo kami sa paglilipat sa inyo rito."

"Masaganang buhay nga siguro, pero..."

"Tigilan mo na ang satsat mo... Alam ko kung ano ang isangal mo... Mataas na presyo ng mga bilihin...lahat ay di madaling kunin ...at kung anu-ano pa!"

Nang makaalis ang guardya, bumulung-bulong si Ba: "Patakarang bukas-palad? Bukas, pasasamahin ko ang aking anak sa mga Vietcong!"

Matapos kumain, inutusan niya ang kanyang anak na bigyan siya ng pluma't tinta. Pagkatapos ay tinagubilinan niyang magbantay ito sa may pintuan at baka may biglang sumulpot na milisya. Hindi niya papayagang sumama ang kanyang anak sa rebolusyon na wala man lamang rekomendasyon mula sa kanya. Nang idadaiti na niya ang pluma sa papel, nag-umapaw sa kanyang kalooban ang isang banal na damdamin. Sa pakiramdam niya, tila nagpupugay siya sa bandila sa isang seremonya o kaya'y niyuyukuan niya ang mga puntod ng mga martir ng digma. Namasa ang kanyang mga mata at nanginig ang kanyang kamay. Matagal bago niya naisulat ang unang salita. Sa katunayan, hindi naman siya madalas sumulat ng liham. Hindi niya alam kung paano siya magsisimula. Una, iniisip niyang isulat: "Ang aking matandang babae at ako ay may nag-iisang bata." Ngunit makaraan ang kaunting pagdidilidili, kanyang isinulat: "Kaming mag-asawa ay may nag-iisang anak." Mas maganda itong pakinggan.

Nakatalungko si Ba sa may higaan, ingat na ingat sa pagbubuo ng bawat letra. Sa tuwing maririnig niya ang pag-ubo ni Trung, kaagad-agad niyang itinatago ang papel sa ilalim ng banig. Kapag pumailanlang ang isa pang senyas, muli niyang inilalabas ito at ipinagpapatuloy ang pagsusulat. Halos isang buong umaga ang ginugol niya sa liham, isang klase ng liham na hindi pa niya nasusulat kailanman.

Mag maaga silang naghapunan kaysa rati. Walang gana sa pagkain ang asawa ni Ba. Iaangat niya ang mangkok sa kanyang bibig at pagkara-a'y ibababa niya uli iyon. Wala ring gana si Trung. Ang kanyang ama lamang ang tuloy ng dati'y tahimik na kumakain. Sa tinig na tigib ng di-pangkaraniwang pagmamahal, sinabi niya sa kanyang anak:

"Kain na, bata ka, hanggang sa kaya mo. Ito na siguro ang huling pagkain na iluluto ng ina mo para sa iyo."

Pagkarinig nito, tumayo ang kanyang asawa at humikbing naupo sa may kawayang papag. Dali-daling tinapos ni Trung ang kanyang pagkain at tumayo. Sa tinig na matatag, sinabi niya:

"Huwag kang umiyak, Inay, dapat nga'y matuwa ka. Malapit nang dumilim. Nasaan ba ang aking balutan."

"Eto."

Iniabot ng kanyang ina ang isang maliit na balutan: ilang pirasong damit na ibinalot sa sarili nitong bandana. Kinuha ni Trung ang balutan at tumalungko siya sa lupa. Nasangsang ang amoy ng pawis na nagmula sa bandana. Namuo ang luha sa kanyang mga mata. Pumaling siya upang hindi makita ng kanyang ina ang kanyang luha. Saan man siya magpunta na kasama ng hukbong mapagpalaya, naisaloob niya, dadala-dalahin niya ang mahalagang bandanang ito. Para na ring nasa piling niya ang kanyang ina. Umupo ang kanyang ina sa tabi niya at iniabot sa kanya ang isang munting pakete.

"Eto'ng kaunting pera, para sa iyo," ang sabi niya.

Binuksan ni Trung ang pakete: apat na piastreng lilimampuin. Kumuha siya ng isa at isinauli ang iba.

"Di kailangan ng isang sundalo ang masyadong maraming pera," ang sabi niya. Ngunit naging mapilit ang kanyang ina kung kaya't sa bandang huli, tinanggap na niya ang isa pang piastre.

Samantala, umalis ng bahay si Ba. At ngayon, siya ay bumalik.

"Nakausap ko na si Tu," ang sabi niya. "Maayos na ang lahat."

"Ngayon na ba ako aalis, Itay?" tanong ni Trung.

"Hindi pa, hintayin mong lumalim ang gabi. Dalhin mo ito..."

At iniabot niya sa anak ang liham na kanyang sinulat.

"Pag-ingatan mong mabuti ito. Ibibigay mo ito kay Tiyo Chin Tam, ang kalihim ng sangay ng Partido sa My Hiep. Kung hindi mo siya makatagpo, puwede mo itong ibigay sa kahit sinong mandirigma ng hukbong mapagpalaya o gerilyang makatagpo mo. Makinig ka: ilang sandali pa't aalis ka na. Dumeretso ka sa tarangkahang ginuguardyahan ni Tu. Hahayaan ka niyang lumabas. Pagbagtas mo ng ilog, malamang na makarinig ka ng isang putok. Huwag kang matakot: si Tu ang nagpaputok. Pagdating mo sa lansangan, lumihis ka dahil batbat iyon ng patibong. Tumawid ka sa kanal."

"Magaling!" ang sabi ni Trung. Ngunit lubos na nag-aalala ang kanyang ina.

Makaraan ang may isang oras, lumabas ng bahay si Trung, matapos tiyakin ng kanyang ama na walang tao sa paligid. Nang malayu-layo na siya, siya'y lumingon at nakita niya ang anyo ng kanyang inang nakatindig sa pintuan. Alam niyang humihikbi ang kanyang ina.

Ngayon, si Trung ay nakarating na sa pangunahing tarangkahan ng nayong garison. Nakaawang ang pinto. Itinulak niya iyon at siya'y lumabas. Nang malagpasan niya ang pinakahuling bakod na alambreng nagtinik at marating ang bukid, nagsimula siyang tumakbo, sakbat-sakbat ang kanyang balutan. Malakas ang hihip ng hangin. Nakaramdam ang ilang sandali, huminto siya upang magpahinga. Naramdaman niyang lubos na kinakaiba ang hangin dito kaysa hangin sa loob ng nayong garison. Sa may pampang ng ilog, hinubad niya ang kanyang damit at inilagay ito sa balutan. Hawak-hawak ang balutan sa kanyang ulunan, sinimulan niyang lumangoy. Tulad ng sabi ng kanyang ama, umalingawngaw ang isang putok nang malapit na siya sa kabilang pampang. Panatag siyang umahon, nagsuot ng damit at lumingon sa nayong garison. Nakita niya ang mga ilaw sa toreng bantayan at ang mga sinag ng lente. "Naghahanap na sila," ang inisip niya.

Nang sapitin niya ang gilid ng isang taniman ng bungangkahoy, lubhang malalim na ang gabi. Bilang pagsunod sa tagubilin ng kanyang ama, hinubad niyang muli ang kanyang damit at naglakad siya sa kanal. Hanggang dibdib lamang ang lalim ng tubig. Hindi pa siya gaanong nakalalayo, nakarinig siya ng sigaw mula sa kabilang pampang:

"Sino 'yan?"

'Ako," ang kanyang sagot.

"Sinong 'ako'?"

"A...Ako. Galing ako sa nayong garison... Hayaan n'yo akong makaahon."

Isang anino, pagkaraa'y isa pa, ang sumulpot sa pampang ng kanal. Nakaumang ang mga riple, at siya'y sinilaw ng plaalayt. Narinig niya ang isang tinig:

"Isa lang... Isang binatilyo..."

Tinanong siya ng tinig:

"Galing ka pala sa nayong garison. May kasama ka ba?"

"Wala, mag-isa ako."

Umahon si Trung. Isinuot niya ang kanyang damit at hiniling niyang makita si Tiyo Chin Tam. Sinabi nila na may pinuntahan ito. Isa sa kanila ang lumapit at sinabi sa kanya:

"Mayroon ka bang gustong sabihin sa amin?"

"Oo."

"Mabuti. Sumama ka sa amin."

Sinundan ni Trung ang lalaki, na nagpatiuna sa makitid na daan patungo sa isang bahay. Sinindihan ng lalaki ang isang lampara, tiningnan siya mulung ulo hanggang paa, at pagkaraa'y tinawag ang isa pang lalaki. Mula sa pagkakahiga, naupo ito, nagkuskos ng mata at nagtanong:

"Ano'ng nangyari?"

"May isang binatilyong kagagaling lang sa nayong garison. Gusto ko siyang makita."

"Kanan siya?"

Tinatagan ni Trung ang kanyang sarili at sinabing:

"Heto ako."

Mula sa kanyang bulsa ay inilabas niya ang sulat ng kanyang ama at inabot ito sa lalaki.

"Pinagbilinan ako ng aking ama na ibigay ko ito kay Tiyo Chin Tam," ang sabi niya, "at kung hindi ko siya makita ay puwede ko raw itong iabot sa sino mang mandirigma ng hukbong mapagpalaya o gerilya na aking matagpuan."

Inabot ng kumander ng gerilya ang sulat at lumapit sa may lampara. Kumunot ang malago niyang kilay nang simulan niya ang pagbabasa. Halalaki at di-tuwid ang sulat-kamay:

Mga Kapatid sa Rebolusyonaryong Prente sa Pagpapalaya,

Kaming mag-asawa ay may nag-iisang anak. Ngayon, nakakulong kami sa nayong garison. Noong nakaraang panahon, maganda ang aming pamumuhay, salamat sa Rebolusyon na nagbigay sa amin ng lupa. Tumatanaw kami ng malaking utang na loob sa Rebolusyon at Partido. Malaki na ang aking anak (siya ang tagapagdala ng sulat-sahong ito). Hindi ko siya hahayaang maging sundalo sa hukbo ng Estados Unidos at ni Diem, upang labanan ang Rebolusyon. Bata pa siya at walang karanasan. Pandayin ninyo siya, at kami'y lubos na magpapasalamat.

Nguyen Van Ba, maralitang magsasaka

Sa ilalim ng pirma, mayroon ding mga bakas ng hinlalaki at hintuturo, gawa ng magkahalong uling at langis ng niyog. Lumapit kay Trung ang kumander ng mga gerilya at pinisil nito ang kanyang balikat:

"Ikaw pala," ang sabi nito, na parang ngayon lamang nakita ang binatilyo. "Ipinadala ka rito ng iyong ama, hindi ba?"

Ngumiti si Trung at tumango. Idinugtong ng kumander:

"Nabanggit ka sa akin ng iyong Tiyo Chin Tam. Magaling, dito ka na mananatili. Siguro, makakasama ka namin. Gabi na. Matulog ka na. Bukas tayo mag-usap nang masinsinan. Maluwang ang aking kulambo. Pumasok ka na."

•

Mula sa Masa, Para sa Masa:
Ang Kultura ng Rebolusyong Pilipino

INISIMULAN NGAYONG TULI ang paglalabas ng Ulos bilang kabahagi ng pangkultura para sa sambayanang Pilipino na nakikibaka laban sa patuloy na pagsasari ng diktadurang Estados Unidos-Marcos.

Sa pamamagitan ng panitikan at guhit-larawan, hangad ng Ulos na patingkarin ang karanasan ng sambayanan sa pakikibaka, pagpapakasakit at pag-asa sa tagumpay ng rebolusyon para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya. Ang buhay ng mga, lalo na ng mga manggagawa at magsasaka na pangunahing nagsasabalikat sa rebolusyon, ay mayaman bukal na mapaghanguan ng materyal ng mga manunulat, artista at iba pang manggagawang pangkultura para sa kanilang mga rebolusyonaryong likha.

Batay sa diwa ng proletaryong internasyonalismo, ilalathala din sa Ulos ang mga salin ng kuwento at tula na naglalarawan ng rebolusyonaryong karanasan ng mga sa iba't ibang panig ng daigdig na nakikibaka laban sa imperyalismo, sosyal imperyalismo, kolonyalismo, pasismo, rasismo at iba pang klase ng reaksyon.

Dapat pagsikapin ng, manitong mga likha sa pagsusulong ng rebolusyon ng sambayanan. Kwalitasibay ng pagpapaunlad ng isang pambansa, siyentipiko at pangmasang kultura, hadlangan ding bakanin ang kulturang pasista ng diktadura at imperyalismong Amerikano at peudalismo at magsisilbi sa mga ito.

Labag sa pagsulong ng kasamayan ang kulturang ipinangangalandakan at ipinalalaganap ng diktadurang EU-Marcos. Sa pamamagitan ng Cultural Center, Folk Arts Theater, 'Green Revolution', kabataang barangay, radyo, telebisyon, pelikula, dyaryo at iba pa, pilit na pinagtatakpan ng diktadura ang paghihirap ng bayan, ang pagnanupil sa kasamayan at ang pag-asam ng buong sambayanan para sa tunay na demokrasya at kalayaan.

Sa kasalukuyang yugto ng ating pakikibaka laban sa diktadurang EU-Marcos, ang rebolusyonaryong kultura ay yaong nagsisilbi sa pagpapaunlad ng armadong pakikibaka at pambansang demokratikong prente para sa pagtatatag ng isang lipunang malaya at demokratiko.

Ang rebolusyonaryong kulturang ito ay pinapanday at binubuo sa apoy at dugo ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino, para sa paglikha at tagumpay ng rebolusyong Pilipino.

* * *

TUNGKOL SA MGA AKDANG BILANG NA ITO: Ang mga tulang ORASYANG: ING BAYANING SA BALO, AUSAN DAGA, KALUGURAN at HAG-AMSA KA DALEM na isinalin sa Pilipino ay nilikha ng mga Pulang mandirigma sa Gitnang Luson. Ang mga ito ay binitigkas sa mga pulong ng mga Pulang manairigma at magsasaka sa mga sonang gerilya. Ang tulang ALAY SA ALAALA NI KASAMANG FREDDIE ay binigkas sa isang pulong parangal-pagpunita para kay Kasamang Wilfredo Gacosta, isang Pulang mandirigma at makata. Siya ay pinatay ng mga tropa ng diktadurang EU-Marcos noong Oktubre 3, 1977 sa Calalwaon, Guinobatan, Albay. Ang kanyang tulang ANG MGA KAIBIGAN ay tula sa kalipunan ng kanyang labindalawang tula na unang nalimbag noong 1976 sa pangalang Geronimo Dulongtimog. Ang maiikling kuwento sa seksyong SA KANAYUNAN ay hinango sa mga tunay na pangyayari na nagaganap ngayon sa mga liblib na pook sa buong bansa. Ang kuwentong pambata, ANG DALAWANG LATA AT ANG BAKIL, ay sinulat ng isang rebolusyonaryong ina at kasama. Ang kuwentong ANG ANAK (1963) ay salin ng isang kuwento sa edisyong Ingles ng Ang Suklay na Garing (The Ivory Comb, 1967), isang kalipunan ng mga rebolusyonaryong kuwento na nilikha ng mga manunulat na Biyetnames sa timog Biyetnam na panahong nakikibaka ang buong bayan laban sa imperyalismong Amerikano at mga lokal na tuta nito. Ang likhang biswal sa pabalat ay tungkol sa paglilinis ng baril ng mga Pulang mandirigma sa piling ng masa, isang karaniwang tagpo sa mga sonang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan.

* * *

PANAWAGAN SA MGA KASAMA AT MAMBABASA: Ipadala sa kinauukulan ang mga kuwento, tula, dula, salin ng anumang akda, likhang biswal at naka-tape na awit. Gayundin ang anumang puna para sa pagpapahusay ng ating babasahin. Buong-puso naming tatanggapin ang anumang kontribusyong pampinansya, papel, tinta, masking tape at iba pang tulong na materyal at pasilidad upang matiyak ang regular na paglalabas ng Ulos.

ULOS 1/1978